

Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-3 Enero 2023

S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

Patuloy na lumago ang produksyon sa pagmamanupaktura noong Disyembre

Mga pangunahing nalaman

Mas mabilis na pagtaas ng output

Patuloy ang aktibidad sa pagkuha ng mga manggagawa noong Disyembre

Humupa ang mga pressure sa presyo

Sa pagtatapos ng 2022, ang pinakabagong data ng PMI® mula sa S&P Global ay nagpahiwatig ng patuloy na pagbuti sa kalusugan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Lumago ang produksyon at dumami ang mga bagong order sa ikaapat na magkakasunod na buwan, bagama't bahagyang mas mabagal ang paglago ng dami ng bagong order. Bukod pa rito, ang bahagyang pagdami ng may trabaho, kasunod ng pagbaba sa bilang ng mga mangagagawa noong Nobyembre, ay tumulong na lalong pataasin ang headline na PMI figure.

Samantala, humupa ang mga pressure sa presyo. Higit na tumindi ang mga pressure sa inflation sa loob ng nakaraang dalawang taon at nanatili itong mataas sa kasaysayan noong Disyembre. Gayunpaman, ang mga rate ng inflation sa presyo ng input at sa singil sa output ay parehong humina, kung saan tumaas ang mga presyo sa pagbebenta sa pinakamabagal nito sa loob ng isang taon.


Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay patuloy na naitala nang mas mataas sa walang pagbabagong markang 50.0 na naghihiwalay sa paglago at contraction noong Disyembre, na nagpapatagal sa kasalukuyang sunod-sunod na pagbuti ng mga kundisyon ng pagpapatakbo na nagsimula noong Pebrero. Patuloy na tumataas sa ikalawang magkasunod na buwan, tumaas ang headline index sa 53.1 noong Disyembre na pinakamataas nito sa loob ng anim na buwan, mula sa 52.7 noong Nobyembre.

May naiulat na patuloy na expansion sa mga antas ng produksyon noong Disyembre. Bumilis ang paglago sa buwang ito, na nagpapahiwatig ng pinakamabilis na pagtaas sa mga antas ng output mula Hunyo.

Bukod pa rito, umabot sa ikaapat na magkasunod na buwan ang pagdami ng mga bagong order, habang nanatiling mabuti ang mga kundisyon ng demand para sa mga produktong gawa sa Pilipinas. Gayunpaman, ipinahiwatig ng data na lokal na demand ang pangunahing dahilan sa pinakabagong pagdami ng papasok na bagong negosyo, dahil nasa ikasampung magkasunod na buwan nang nakipagkontrata ang mga order sa ibang bansa.

Ang pagdami ng mga kinakailangan sa negosyo ay humantong sa pagpapatuloy ng mga kumpanya sa aktibidad ng mga ito sa pagkuha ng mga manggagawa noong Disyembre, kasunod ng

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.
Ang data ay nakolekta noong 06-16 Disyembre 2022.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Ang pinakabagong data ng PMI ay nagpahiwatig ng tuloy-tuloy na paglago sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Ang paglabas ng napigilang demand dahil sa pandemya ng COVID ay patuloy na tumulong sa panunumbalik ng sektor ng pagmamanupaktura ngayong taon. Bukod pa rito, ang mga pinakabagong pagdami ng output at bilang ng bagong order ay mas mataas sa mga average sa survey. Ipinakita rin ng data noong Disyembre ang paglago sa bilang ng may trabaho pagkatapos maitala ang matinding pagbaba ng bilang ng manggagawa noong Nobyembre.

"Gayunpaman, ang mga hamon tulad ng pagkaantala sa supply-chain at mga pressure sa inflation ay nananatiling kasalukuyang alalahanin para sa sektor at posible itong maging banta sa mga inaasahang paglago sa 2023. Bagama't nagsagawa ang bangko sentral ng Pilipinas ng mga hakbang para pahinain ang inflation, ang mga pagkaantala sa supply chain sa buong mundo at ang mga kakulangan sa materyal ay nananatiling mas kumplikadong isyung kailangan lutasin. Gayunpaman, nananatiling positibo ang pananaw ng mga producer ng produkto para sa susunod na taon, at sa pangkalahatan ay umaasa sila sa lokal na demand para tumulong na magpanatili ng paglago."

PMI®

by S&P Global

© 2023 S&P Global


unang pagbagsak sa bilang ng mga manggagawa sa loob ng walong buwan noong Nobyembre. Bagama't ang pagbalik sa paglago ay malinaw na positibong indikasyon ng pagbuti sa buong sektor ng pagmamamunipaktura sa Pilipinas, bahagya lang ang rate ng paggawa ng trabaho sa pangkalahatan.

Gayunpaman, naging mas maingat ang mga firm sa mga pagbili ng mga ito ng input noong Disyembre. Ang kaukulang index na isinaayos ayon sa panahon ay bumaba mula sa pinakamataas nito sa loob ng anim na buwan noong Nobyembre, na nagpapahiwatig ng bahagya lang na pagtaas sa dami ng binibiling input.

Kasabay nito, mas mabagal na tumaas ang mga hawak na imbentaryo bago ang produksyon kumpara sa naitala noong nakaraang buwan. Bukod pa rito, pinagsama-samang pinakamahina ang pag-ipon ng mga imbentaryo bago ang produksyon sa kasalukuyang 11 buwang sunod-sunod na expansion, na nagpapahiwatig na mas malamang na umasa sa mga imbentaryo ang mga kumpanya para tumugon sa demand.

Ang mga kamakailang buwan ay nagpahiwatig ng kaunting paghina ng mga pressure sa presyo, pero nanatiling mataas ang mga rate ng inflation at kasalukuyan itong banta sa demand. Ang bilis ng pagtaas ng mga pasanang gastos ay pinakamabagal sa loob ng tatlong buwan, habang tinaasan ng mga kumpanya ang mga presyo nito sa pagbebenta sa pinakamahirang rate nito sa loob ng isang taon noong Disyembre sa kabila ng mga pagsisikap na palakasin ang mga benta.

Nanatiling positibo ang mga kumpanya sa pananaw ng mga ito sa output para sa susunod na taon. Umasa ang mga kumpanya na mananatiling mabuti ang demand at na lalago ito sa gitna ng stable na kalagayan ng ekonomiya. Bukod pa rito, may mga plano rin sa investment ang ilang kumpanya. Gayunpaman, humina ang antas ng kumpiyansa sa pinakamababa nito sa loob ng apat na buwan noong Disyembre, dahil hindi naabot ang mga inaasahan buhat ng dumaraming kompetisyon sa merkado at inflation.



Mga Pinagmulan: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
 Ekonomista
 S&P Global Market Intelligence
 T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

SungHa Park
 Corporate Communications
 IHS Markit
 T: +82 2 6001 3128
sungha.park@spglobal.com

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa katherine.smith@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamina nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatig ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatig ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.